
2

# Arts

## Unang Markahan – Modyul 1: Sining na kay Ganda




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Arts – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 1: Sining na kay Ganda**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: **Leonor Magtolis Briones**
Pangalawang Kalihim: **Diosdado M. San Antonio**

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Joann T. Del Rosario |
| **Editor:** | Nelson Oliva |
| **Tagasuri:** | Saturnino D. Dumlao |
| **Tagaguhit:** | Danilo M. Dela Rosa |
| **Tagalapat:** | Marita S. Geronimo |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Engelbert Agunday, Felegina F. Bugay, Jose C. Tala |

**Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _______________________**

**Department of Education – Region III**

Office Address: Matalino St.,Diosdado Macapagal Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

3

# Arts

## Unang Markahan – Modyul 1:
## Sining na kay Ganda

DEPARTMENT OF EDUCATION

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# Alamin

Kilala ang mga Pilipino sa pagkakaroon ng malawak na imahinasyon, pagiging malikhain, talentado at mahusay sa iba't ibang larangan tulad ng masining na paglikha.  Patunay rito ang ilan sa mga tanyag na pintor na gumamit ng iba't ibang pamamaraan na talaga namang maipagmamalaki ng ating bayan dahil ang bawat likhang sining ng mga taong ito ay sumasalamin sa makulay na kultura at kaugalian ng mga Pilipino.

Matututuhan mo sa modyul na ito kung sino-sino ang mga tanyag na Pilipinong pintor at ang kani-kanilang estilo sa pagguhit.


# Subukin


**Panuto:** Pagkilala sa mga likhang sining.Lagyan ang mga sumusunod na likhang sining ng☆ kung likha ng tanyag na Pilipinong pintor at ☾ kung hindi.  Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. 

3. 

5. 

2. 

4. 

| Aralin 1 | Sining na kay Ganda |
|---|---|

Sa araw – araw nating paglabas ng ating tahanan, iba't ibang sining ang ating masisilayan. Pagmasdan mo lamang ang iyong kapaligiran ay mapupuno na ang iyong mata ng samu't saring ganda.

Maging likha man ito ng kalikasan o tao, ito'y karapat dapat na ipagmalaki at pagyamanin.




## *Balikan*

**Panuto:** Tukuyin ang sumusunod na lugar na makikita sa komunidad. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon at isulat sa sagutang papel.

1. 

3. 

5. 


2. 

4. 


| | | |
|---|---|---|
| paaralan | ospital | bahay pamahalaan |
| parke | simbahan | |

*Mga Tala para sa Guro*

Ito ay makakatulong sa mga mag-aaral upang makilala ang mga tanyag na Pilipinong pintor at mabigyang halaga ang kanilang natatanging talento sa sining. Naglalaman ito ng mga gawain upang mahikayat sila na linangin ang sariling talento sa sining.

## *Tuklasin*

Naranasan mo na ba ang maglakbay-aral? Ang lakbay-aral ay ang pagpunta sa iba't-ibang lugar. Isa itong istratehiya sa pag-aaral na kung saan bawat lugar ay may aral at sa bawat hakbang ay may natutunan.

Basahin natin ang kwento at alamin ang mga aral na natutunan ng mga bata.

### Ang Lakbay-Aral

Kuwento ni Joann T. Del Rosario

Masayang gumising ang batang si Zia. Ngayon kasi ang kanilang lakbay-aral sa kanilang komunidad. Dali-dali siyang naghanda patungo sa kanilang paaralan




*Iginuhit ni: Danilo M. Dela Rosa*

“Mga bata, handa na ba kayo sa ating lakbay-aral?”, tanong ni Gng.Diaz na kanilang guro sa ikalawang baitang.

“Opo Madam”, sabay-sabay na sagot ng mga bata. Una nilang pinuntahan ay ang munisipyo ng Olongapo.

“Wow! Ang laki at ang ganda pala ng ating munisipyo”, wika ng mga bata.

“Sino ang makikita natin sa lugar na ito?”tanong ng guro.

“Ma’am si Mayor Rolen Paulino Jr. po, ang ating punong lungsod”, malakas na sagot ni Zeyn.

“Magaling! Tama si Zeyn. Dito ang opisina ng ating punong lungsod”, paliwanag ni Gng. Diaz.

Sunod na pinuntahan ng mga bata ay ang Olongapo Museum. Habang binabagtas nila ang daan patungo sa museo ay may pumukaw sa paningin ni Lenzy.

“Ma’am iyon po ba ang Ulo ng Apo?”, tanong ni Lenzy.

“Tama ka Lenzy, iyan nga ang Ulo ng Apo na sumasagisag sa Olongapo,” paliwanag ng guro.

Narating nila nang maluwalhati ang museo. Maayos na pumila ang mga bata. Pagpasok sa loob ay napansin kaagad nila ang ibat-ibang estatwa ng mga tao. Ito ay

parang totoo at gumagalaw.  Nakita rin nila ang hitsura ng Olongapo noon.

“Ganito pala ang Olongapo noon”, sabi ni Zia.

“Oo nga, wala pang matataas na gusali at hindi pa sementado ang mga daan”, sagot naman ni Zeyn.

Nakakita rin sila ng iba’t-ibang pinintang larawan na nagpamangha sa kanilang paningin.

“ Ang ganda naman ng mga larawang ito! Buhay na buhay at parang totoo!” sabi ni Lenzy.

“ Oo nga, maraming hugis at kitang-kita ang kapusyawan at kadiliman ng kulay na nagpaganda ng larawan”, sabat  ni Zia.

“ Tingnan ninyo mayroon pa doon!  Ibang istilo naman ng pagguhit ang ginamit”, masayang sabi ni Zeyn.

Tama mga bata, ang mga pintor na gumawa ng mga iyan ay may iba’t-ibang istilo ng pagguhit”, nakangiting wika ng kanilang guro na kanina pa pala nakamasid sa kanila.


Huling pinuntahan ng mga bata ay ang Marikit Park. Dito ay nasilayan nila ang ganda ng parke na isa sa pinagmamalaki ng Olongapo. Mayroon ditong palaruan, maraming puno at mga bulaklak at mayroon din na mga upuan kung saan maaaring magpahinga.

Umuwi sila nang may ngiti sa labi dala-dala ang masayang karanasan at mga  natutunan sa kanilang lakbay-aral.

Ayon sa kuwentong binasa mo, pare-pareho ba ang istilo ng mga pintor sa pagguhit? Bakit?

## *Suriin*

Pagmasdan ang mga likhang sining ng dalawang tanyag na Pilipinong pintor. Sagutin ang mga tanong ukol dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



Mauro Malang Santos,
*"Woman Fruit Vendor"*



Fernando C. Amorsolo,
*"Palay Maiden"*

1. Ano ang napansin mo sa larawan?

   ______________________________________________

2. Magkaiba ba ang likhang sining ng mga ito?

   ______________________________________________

3. Paano ito nagkaiba?

   ______________________________________________

Ang pintor ay isang tagapinta. Sila ay may pambihirang kakayahan sa pagguhit o pagpipinta dahil kailangan nila ng artistikong talino, matalas na mata at matatag na kamay upang makabuo ng isang sining.

Ilan sa mga kilala at tanyag na pintor sa ating bansa ay sina :

- **Mauro Malang Santos** - o mas kilala bilang si *Malang* sa kaniyang mga obra. Siya ay gumuguhit ng mga bagay mula sa kanyang imahinasyon.



Mauro Malang Santos, *"Untitled"* (Fiesta)



Mauro Malang Santos, "*Fiesta*"



Mauro Malang Santos, *"Mother and Child"*

- **Fernando C. Amorsolo** –Ay kilala sa paggamit ng konseptong "*Still Life*" o pagguhit ng mga totoong tao, bagay at tanawin na makikita sa kapaligiran.



Fernando C. Amorsolo,
*"Tinikling sa Barrio"*



Fernando C. Amorsolo,
*"Planting Rice"*



Fernando C. Amorsolo,
*"The Making of Philippine Flag"*

Sa pamamagitan ng malikhaing pag-iisip ng mga pintor ay naipapahayag nila ang kanilang saloobin. May kanya – kanyang istilo ng pagguhit ang mga pintor.

## Pagyamanin

**Panuto:** Lagyan ng hugis puso ♡ kung ito ay tanyag na Pilipinong pintor at bilog ○ naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

___1. Mauro Malang Santos

___2. Angel Locsin

___3. Fernando Amorsolo

___4. Manny Pacquiao

___5. Lea Salonga

## Isaisip

Marami tayong mga tanyag na Pilipinong pintor. Sila ay may kanya-kanyang istilo sa pagguhit. May mga pintor na ang iginuguhit ay mga bagay na nakikita nila sa ating kapaligiran tulad ng mga tao, bagay, hayop at iba pa.

May mga pintor naman na ang ginuguhit ay mula sa kanilang imahinasyon. Ang mga ito ay hindi natin makikita sa ating paligid.

Ano man ang kanilang nais na istilo, nagpapakita pa rin ito ng kanilang husay at galing.


Dapat natin silang ipgmalaki dahil karangalan ito ng ating bansa.



## *Isagawa*

**Panuto:** Kopyahin ang diagram sa sagutang papel at paghambingin ang katangian at estilo ng dalawang tanyag na Pilipinong pintor. Pumili ng salita mula sa kahon at isulat sa angkop na lugar sa diagram.

| | | |
|---|---|---|
| pintor | imahinasyon | still Life |



## *Tayahin*

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha ☺ kung sang-ayon ka sa isinasaad ng pangungusap at malungkot na mukha ☹ kung hindi. Iguhit ang iyong sagot sa sagutang papel.

___1. Ang bawat pintor ay may kanya-kanyang istilo sa pagguhit.

___2. Dapat nating ipagmalaki ang mga Pilipinong pintor.

___3. Magkaiba ang likhang sining ni Mauro Malang Santos kay Fernando Amorsolo.

___4. Huwag nating tangkilikin ang gawa ng mga Pilipinong pintor.

___5. Marami tayong mga tanyag na Pilipinong pintor.

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Iguhit sa papel ang isang lugar na paborito mong napuntahan. Kulayan ito nang maayos.

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. ☆
2. ☾
3. ☆
4. ☾
5. ☆


**Balikan**

1. bahay pamahalaan
2. simbahan
3. ospital
4. parke
5. paaralan

**Pagyamanin**

1. ♡
2. ◯
3. ♡
4. ◯
5. ◯

**Isagawa**




**Tuklasin**

Hindi, dahil ang bawat pintor ay may kaniya-kaniyang istilo sa pagguhit o pagpinta.

**Suriin**

1. sariling sagot
2. Opo
3. sariling sagot

**Tayahin**

1. ☺
2. ☺
3. ☺
4. ☹
5. ☺

**Karagdagang Gawain**

*Sariling sagot*

# *Sanggunian*


Curriculum Guide sa Music, Arts, Physical Education and Health - Ikalawang Baitang.p.16

Patnubay ng Guro sa Music, Arts, Physical Education and Health- Ikalawang Baitang.pp. 124- 125

Most Essential Learning Competencies (MELC)KG To Grade 12 S.Y. 2020-2021 sa Arts- Ikalawang Baitang. pp. 219 - 221

Amorsolo, Fernando.*Rice Planting.* 1951. Oil on canvas. 24 ¼ x 34in.Mutual Art. Accessed May 19, 2020. https://www.mutualart.com/Artwork/Rice-planting/428A59033E2BF452

Santos, Mauro Malang. *The Fruit Vendors.* 2017. Serigraph 20/50. 13 1/2in. x 13 1/2in.Leon Gallery, Makati City. Accessed May 19, 2020. https://leon-gallery.com/auctions/lot/Le%C3%B3n-Exchange-12th-Online-Auction-2019/29/36

Amorsolo, Fernando. *Tinikling in Barrio.*1951. Oil in canvas. A Small Collection of Fernando Amorsolo's Paintings, Posted under Filipino Culture, Kauswagan articles, November 25, 2012. https://kahimyang.com/kauswagan/articles/1372/a-small-collection-of-fernando-amorsolos-paintings

Amorsolo, Fernando.*The Palay Maiden.* 1920. Oil on canvas. 60.3x85.5cm.Ayala Museum, Makati City. Accessed May 19, 2020. http://masterpieces.asemus.museum/masterpiece/detail.nhn?objectId=10429

Amorsolo,Fernando.*The Making of Philippine Flag.* AccessedJuly7,2021.https://paintinginspired.blogspot.com/2018/02/painting-philippine-art-history.html

Santos, Mauro Malang. *Untitled.*1997.Serigraph 20/50. 13 1/2 x 19 3/4 in.Salcedo Auctions, Makati City. Accessed May 19, 2020. https://www.salcedoauctions.com/item/6753

Santos, Mauro Malang. *Fiesta.*2002.Oil on canvas. 36 x 36in. Salcedo Auctions, Makati City. Accessed May 19, 2020. https://www.salcedoauctions.com/item/6619

Santos, Mauro Malang .*Mother and Child.*1986.Gouache. 61x46cm.(24x18.1in.)Accessed July 7,2021. http://www.artnet.com/artists/mauro-malang-santos/mother-and-child-tkiX_nAUawi18Md8Dbdp-

Juvida, Raf. *Ang Kahalagahan ng Lakbay-Aral*, Brainly.PH. Accessed May 16, 2020. https://brainly.ph/question/540175

Glosbe Dictionary, Meaning of the word "pintor". Sentence No. 11GlosBe.com. Accessed May 16, 2020.https://glosbe.com/tl/en/pintor?fbclid=IwARs7Z33_N22oOuXh6h_VFFpLhve6QtuvjgkXER-fWHQ3qXAw6

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph